# PAGTULUNGAN NATING ILIGTAS ANG SANGGOL NA MAAARING MAAPEKTUHAN NG MGA SAKIT NA ITO.

**Endocrine Disorders**
- Congenital Hypothyroidism
- Congenital Adrenal Hyperplasia

**Amino Acid Disorders**
- Homocystinuria
- Hypermethioninemia/Methionine Adenosine Transferase Deficiency
- Maple Syrup Urine Disease
- Phenylketonuria
- Tyrosinemia Type I
- Tyrosinemia Type II, III

**Fatty Acid Disorders**
- Carnitine Palmitoyltransferase I Deficiency
- Carnitine Palmitoyltransferase II Deficiency
- Carnitine Uptake Deficiency
- Glutaric Acidemia Type II
- Long Chain Hydroxyacyl-CoA Dehydrogenase Deficiency
- Medium Chain-Acyl-CoA Dehydrogenase Deficiency
- Very Long Chain-Acyl-CoA Dehydrogenase Deficiency
- Tri-functional Protein Deficiency

**Organic Acid Disorders**
- 3-Methylcrotnyl CoA Carboxylase Deficiency
- Beta Ketothiolase Deficiency
- Glutaric Acidemia Type I
- Isovaleric Acidemia
- Methylmalonic Acidemia
- Multiple Carboxylase Deficiency
- Propionic Acidemia

**Urea Cycle Defect**
- Citrullinemia
- Argininosuccinic Aciduria

**Hemoglobinopathies**
- Alpha Thalassemia
- Beta Thalassemia
- Hemoglobin C
- Hemoglobin D
- Hemoglobin E
- Sickle Cell Disease

**Others**
- Galactosemia
- Glucose-6-Phosphate Dehydrogenase Deficiency
- Cystic Fibrosis
- Biotinidase Deficiency

# PAALALA SA MGA MAGULANG

**Ang kakulangan sa G6PD ay ang pinaka-karaniwang uri ng kondisyon na kasama sa ENBS.**

**Ang naptalina o moth ball, ilang gamot kabilang ang halamang gamot ay bawal sa mga taong may kakulangan sa G6PD.**

**Habang hinihintay ang resulta ng ENBS, pinapaalala sa mga magulang na iwasang ilantad ang kanilang mga anak sa naptalina. Lahat ng gamot na ibibigay sa bata ay dapat may reseta ng doktor.**

**Kung ang resulta ng ENBS ay may kakulangan sa G6PD, kumunsulta sa doktor at magpa-confirmatory test** upang malaman kung talagang kulang sa G6PD ang bata. Ipakita ang resulta ng confirmatory test sa inyong doktor.**

---

Para sa karagdagang katanungan, makipag-ugnayan:
sa health workers ng ospital o lying-in clinics / birthing homes
health centers

Newborn Screening Center - Northern Luzon
Mariano Marcos Memorial Hospital and Medical Center
San Julian, City of Batac, Ilocos Norte

Newborn Screening Center - Central Luzon
Angeles University Foundation Medical Center
MacArthur Highway, Lourdes Sur East, Angeles City

Newborn Screening Center - National Institutes of Health
Building H, UP Ayala Land Technohub Complex
Brgy. UP Campus, Commonwealth Ave., Diliman, Quezon City

Newborn Screening Center - Southern Luzon
DMMC Institute of Health Sciences, Inc.
143 Narra St., Mountview Subd., Tanauan City

Newborn Screening Center - Visayas
West Visayas State University Medical Center
Medicus Healthcare Plaza, D. Pison Ave.,
Brgy. San Rafael, Mandurriao, Iloilo City

Newborn Screening Center - Central Visayas
Eversly Childs Sanitarium and General Hospital
Upper Jagobiao Rd, Mandaue City, Cebu

Newborn Screening Center - Mindanao
Southern Philippines Medical Center J.P. Laurel Ave., Bajada,
Davao City

Newborn Screening Reference Center
National Institutes of Health, UP Manila
1579 F.T. Benitez St., Ermita, Manila

**E-mail: info@newbornscreening.ph**
**URL: www.newbornscreening.ph**

NSRC-OK-142/rev2



# ILIGTAS ANG INYONG ANAK SA MENTAL RETARDATION

PhilHealth
*Your Partner in Health*

Isinalin sa Filipino ng
**SENTRO NG WIKANG FILIPINO**
Unibersidad ng Pilipinas - Manila

# Mga dapat malaman tungkol sa Expanded Newborn Screening

### Ano ang Newborn Screening?
Ang newborn screening (NBS) ay isang simpleng pamamaraan upang malaman kung ang sanggol ay may congenital disorder na maaring maging sanhi ng mental retardation o maagang pagkamatay.

### Ano ang Expanded Newborn Screening (ENBS)?
Ang ENBS ay pinalawak na programa ng newborn screening na makapagsusuri ng mas maraming sakit mula anim (6) hanggang sa mahigit 28.

### Bakit mahalaga ang ENBS?
Karamihan sa mga sanggol na may congenital disorders ay mukhang normal pagkapanganak. Sa pamamagitan ng ENBS, ang mga kondisyong ito ay maaaring malaman na bago pa lumabas ang mga sintomas. Dahil dito, mabibigyan kaagad ng karampatang lunas upang maiwasan ang mental retardation o maagang pagkamatay.*

### Kailan at saan ginagawa ang ENBS?
Ang ENBS ay dapat na gawin makalipas ang 24 oras pagkapanganak sa mga ospital, lying-in o paanakan, health centers, at pribadong klinik na sertipikado ng DOH at NIH.

### Paano ginagawa ang ENBS?
Kumukuha ng ilang patak ng dugo mula sa sakong ng sanggol, inilalagay sa isang espesyal na papel (filter card), at ipinapadala sa Newborn Screening Center (NSC). May mga impormasyon na hihingin ang ospital/lying- in/health center tulad ng tirahan at telepono. Siguraduhing tama ang mga ito. Maglalabas ng resulta ng ENBS matapos ang 7-14 working days pagkatanggap ng NSC.

### Sino ang maaaring kumuha ng dugo para sa ENBS?
Ang ENBS ay maaaring gawin ng mga sumusunod: doktor, nars, medical technologist, o nagsanay na midwife.

### Magkano ang ENBS?
Nagkakahalaga ng P1,750 ang ENBS at kasama ito sa PhilHealth Newborn Care Package, benepisyong pangkalusugan para mga sanggol sa mga unang araw pagkapanganak.

### Paano makukuha ang resulta ng ENBS?
Kunin ang resulta sa ospital, lying-in o paanakan, health centers, o pribadong klinik kung saan ito isinagawa.

Negatibong resulta (NEGATIVE)

- nangangahulugan na NORMAL ang test

Positibong resulta (POSITIVE)

- nangangahulugan na dapat dalhin kaagad ang sanggol sa doktor para sa karagdagang pagsusuri. Ito ay agad na ipinapapaalam sa mga magulang. Sasabihan kayo ng doktor kung kailangang ulitin ang test kaagad o ipakonsulta sa pinakamalapit na ospital o espesyalista ang inyong anak para sa confirmatory test** at sa iba pang dapat gawin.

### Bakit kailangan ang pangalawang screening sa mga sanggol na preterm, LBW, o maysakit sa ika-28 araw?
Maraming dahilan ang maaaring makaapekto tulad ng kundisyon ng sanggol, gamutan, at kundisyon ng ina na makadaragdag ng panganib na hindi makita o magkaroon ng hindi maling resulta ng newborn screening para sa mga sanggol na ito.

### Ano ang mangyayari sa dried blood spot matapos ang screening?
Matapos dumaan sa pagsusuri, ang dried blood spot ay mananatili sa isang ligtas na lugar. Ito ay itatago at maaring gamitin para sa pananaliksik na binigyang-pahintulot ng lupon ng etika para sa kapakinabangan ng nakararami.

*Ang maagang kaalaman tungkol sa ENBS ay mahalaga upang makatanggap ng pangmatagalang pamamahalang pangkalusugan ang mga batang may kumpirmadong kondisyon na sinusuri sa ENBS.*
***Ang confirmatory test ay karagdagang pagsusuri upang matiyak ang kondisyon na nakita sa ENBS.*

## BAKIT KAILANGANG MALAMAN NANG MAS MAAGA ANG KAHALAGAHAN NG ENBS?

| Maaring Kahinatnan pag HINDI na ENBS | Maaring Kahinatnan pag na-ENBS at nagamot kaagad* |
|---|---|
| **Endocrine Disorders** | |
| • Malubhang Mental Retardation<br>• Kamatayan | • Normal<br>• Buhay |
| **Amino Acid Disorders** | |
| • Mental retardation<br>• Coma at kamatayan mula sa metabolic crisis | • Buhay<br>• Normal na paglaki<br>• Normal na katalinuhan sa iba, problema sa pagkatuto para sa iba |
| **Fatty Acid Disorders** | |
| • Pagkaantalang developmental at pisikal<br>• Neurologic impairment<br>• Biglaang kamatayan<br>• Coma<br>• Kumbulsiyon<br>• Paglaki ng puso at atay<br>• Mahinang kalamnan | • Malusog sa pagitan ng mga kabanata ng metabolic crisis<br>• Buhay |
| **Organic Acid Disorders** | |
| • Pagkaantalang developmental<br>• Hirap sa paghinga<br>• Neurologic damage<br>• Kumbulsiyon<br>• Coma<br>• Maagang pagkamatay | • Buhay<br>• Karamihan ay may normal na paglaki ngunit may kabanata ng metabolic crisis |
| **Urea Cycle Defect** | |
| • Kumbulsiyon<br>• Mental retardation<br>• Kamatayan | • Buhay<br>• Normal na katalinuhan |
| **Hemoglobinopathies** | |
| • Painful crisis<br>• Anemia<br>• Stroke<br>• Multi-organ failure<br>• Kamatayan | • Buhay<br>• Bihirang painful crisis<br>• Bumababa ang pangangailangan na salinan ng dugo |